## Mensahe Lima

## Pagtanggap ng Biyaya sa Biyaya para Mailuklok ang Biyaya sa loob Natin Upang Makapaghari Tayo sa Buhay na Maging Tula ng Diyos, ang Bagong Herusalem, bilang ang Sukdulan at Ganap na Produkto ng Biyaya ng Diyos sa Kanyang Ekonomiya

Babasahin sa Kasulatan: Roma 5:17, 21; Juan 1:16; Heb. 4:16; Gen. 6:8; Apoc. 22:21

I. Kada araw at kada sandali, kailangan nating maging mga yaong tumatanggap sa Panginoon bilang biyaya sa biyaya, bilang ang kasaganaan ng biyaya, para sa ating katamasahan upang ang biyaya ay maghari sa atin para tayo ay maghari sa buhay—Juan 1:16; Roma 5:17, 21:

A. "Magsilapit nga tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang tayo ay magtamo ng awa at makasumpong ng biyaya para sa napapanahong tulong"—Heb. 4:16:

1. Walang duda, ang tronong binanggit dito ay ang trono ng Diyos, na nasa langit (Apoc. 4:2); ang trono ng Diyos ay ang trono ng awtoridad sa buong sansinukob (Dan. 7:9; Apoc. 5:1), subalit sa atin, ang mga mananampalataya, ito ay nagiging ang trono ng biyaya, sinasagisag ng takip na pambayad-sala (ang luklukan ng awa) sa loob ng Kabanal-banalan (Exo. 25:17, 21; Aw. 80:1); ang tronong ito ay ang trono ng Diyos at ng Kordero (Apoc. 22:1).

2. Paano tayo makalalapit sa trono ng Diyos at ng Kordero, si Kristo, sa langit habang tayo ay nabubuhay pa rito sa lupa? Ang sikreto ay ang ating espiritu, tinukoy sa Hebreo 4:12; ang mismong Kristo na nakaupo sa trono sa langit (Roma 8:34) ay nasa loob din natin ngayon (b. 10), yaon ay, sa ating espiritu (2 Tim. 4:22), kung saan naroon ang tinatahanan ng Diyos (Efe. 2:22).

3. Sa Bethel, ang bahay ng Diyos, ang pinananahanan ng Diyos, na siyang pintuan ng langit, ang hagdan ay si Kristo na nagdurugtong ng langit sa lupa (Gen. 28:12-17; Juan 1:51); yamang ngayon ang ating espiritu ay ang lugar na pinananahanan ng Diyos, ito ngayon ang pintuan ng langit, kung saan si Kristo ay ang hagdan na nagdurugtong sa atin, ang mga tao sa lupa, tungo sa langit, at dinadala ang langit sa atin; kaya, sa tuwing bumabaling tayo sa ating espiritu, pumapasok tayo sa pintuan ng langit at hinihipo ang trono ng biyaya sa langit sa pamamagitan ni Kristo bilang makalangit na hagdan.

B. Ang Panginoon mismo ay ang trono ng kaluwalhatian at ang trono ng biyaya (Isa. 22:23; Heb. 4:16); kapag pinahihintulutan natin ang biyaya na maghari sa atin, ang biyaya ay naiuluklok sa loob natin bilang ang namumunong presensya ng Diyos para sa ating katamasahan (Ezek. 1:22, 26) upang tayo ay makapaghari sa buhay (Roma 5:17, 21).

II. Ang pangunahing layunin ng talâ sa Genesis ay hindi upang ipakita ang pagkatisod kundi upang ipakita kung gaano makagagawa ang biyaya para sa mga natisod na tao:

A. Ipinakita ng Diyos kay Noe ang tunay na sitwasyon ng masamang kapanahunan kung saan siya nanirahan—Gen. 6:3, 5, 11, 13; Mat. 24:37-39; 2 Tim. 3:1-3:

1. Ang tao sa kalaunan ay natisod hanggang sa siya ay naging lubusang laman (Gen. 6:3); ang pinakamalakas at pinakamasamang kaaway ng Diyos ay ang ating laman; ito ay puspusan at lubusang kinamumuhian ng Diyos.

2. Sa Lumang Tipan ang Amalek ay sumasagisag sa laman, na siyang kabuoan ng natisod na lumang tao; ang labanan sa pagitan ng Amalek at Israel ay naglalarawan ng sigalot sa pagitan ng laman at ng Espiritu sa loob ng mga mananampalataya—Exo. 17:8-16; Gal. 5:16-17:

a. Ang katotohanan na ang Diyos ay may patuloy na pakikidigma sa Amalek ay naghahayag na kinamumuhian ng Diyos ang laman at ninanais na puksain ito—Exo. 17:16; Gal. 5:17.

b. Ang laman ay hindi mababago o mapabubuti; kaya, kailangan nating tandaan ang katotohanan na ang laman ay lagi nating kasama—Roma 13:14; Gal. 5:16.

c. Kinamumuhian ng Diyos ang laman sa parehong paraan na Niya kinamumuhian si Satanas, at ninanais Niyang puksain ang laman sa parehong paraan na ninanais Niyang puksain si Satanas—Exo. 17:16; Deut. 25:17-19; 1 Sam. 15:2-3.

d. Nakikipagbaka tayo sa Amalek sa pamamagitan ng namamagitang Kristo at ng nakikipagbakang Espiritu; ang pagtataas ni Moses ng kanyang kamay sa tuktok ng bundok ay sumasagisag sa umakyat sa langit na Kristo na namamagitan sa kalangitan; ang pakikipaglaban ni Josue kay Amalek ay sumasagisag sa nananahanang Espiritu laban sa laman—Exo. 17:9, 11, 13; Roma 8:34; Heb. 7:25; Gal. 5:17.

e. Sa digmaan laban sa Amalek, kailangan tayong makipagtulungan sa Panginoon sa pamamagitan ng pananalangin upang makiisa sa namamagitang Kristo (Roma 8:34) at sa pamamagitan ng paglalagay ng laman sa kamatayan upang maging kaisa ng nakikipagbakang Espiritu (Luc. 18:1; 1 Tes. 5:17; Roma 8:13; Gal. 5:16-17, 24); nagpasya ang Diyos na patuloy na makipagdigma laban sa laman hanggang sa lubusan Niyang mapawi ang alaala nito sa ilalim ng langit (Exo. 17:14).

B. Sinasabi ng Genesis 6:8, "*Subalit si Noe* ay nakasumpong ng lingap [biyaya] sa paningin ni Jehovah":

1. Ang laman ay ang obramaestra ni Satanas, at ito ang "bahay-pulungan" ni Satanas, ng kasalanan, at ng kamatayan; ang biyaya ay ang Diyos mismo na tinatamasa natin at tinutulungan tayo na harapin ang sitwasyon ng laman.

2. Ang laman ay ang mismong presensya ni Satanas, at ang biyaya ay ang mismong presensya ng Diyos; upang harapin natin ang presensya ni Satanas, kailangan natin ang presensya ng Diyos.

3. Kapag naisagawa ni Satanas ang lahat ng kanyang magagawa upang wasakin ang sitwasyon, palaging may ilan na nakasusumpong ng biyaya sa mga mata ng Diyos upang maging mga tagabaling ng kapanahunan—cf. Dan. 1:8; 9:23; 10:11, 19:

a. Ang biyaya ay ang Diyos mismo, ang presensya ng Diyos, na tinatamasa natin upang maging lahat-lahat sa atin at upang gumawa ng lahat sa loob natin, sa pamamagitan natin, at para sa atin—Juan 1:14, 16-17; Apoc. 22:21.

b. Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo bilang ang masaganang panustos ng Tres-unong Diyos ay tinatamasa natin sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating pantaong espiritu—Heb. 10:29b; Gal. 6:18; Fil. 4:23; Filem. 25; 2 Tim. 4:22.

c. Ang salita ng Diyos ay ang salita ng biyaya—Gawa 20:32; Col. 3:16; cf. Jer. 15:16.

d. Nararanasan natin ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang ang biyaya ng buhay sa pakikipagpulong sa mga banal sa batayan ng pagkakaisa—Aw. 133:3; 1 Ped. 3:7; Gawa 4:33; 11:23.

e. Mararanasan natin ang Panginoon bilang ating dumarami at sumasapat sa lahat na biyaya sa gitna ng mga pagdurusa at mga pagsubok—2 Cor. 12:9.

f. Kailangan tayong magpagal para sa Panginoon sa kapangyarihan ng Kanyang biyaya—1 Cor. 15:10, 58; 3:10, 12a.

g. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng biyaya, ng kalakasan ng biyaya, at ng buhay ng biyaya, maaari tayong maging matuwid sa Diyos at sa isa't isa; ang obhektibong katuwiran ay nagmumula sa biyaya, at ang biyaya ay nagbubunga ng subhektibong katuwiran—Heb. 11:7; Roma 5:17, 21.

C. Binigyan ng Diyos si Noe ng isang nagpapaloob na lahat na pahayag, ang pahayag na itayo ang arka, na siyang paraan upang wakasan ng Diyos ang masamang henerasyon at ipasok ang isang bagong kapanahunan; ang kanyang gawain ay isang gawain na nagbago ng kapanahunan—1 Cor. 2:9; 2 Cor. 6:1; Mat. 16:18; 1 Cor. 3:12:

1. Ang arka ay isang sagisag ni Kristo (1 Ped. 3:20-21), hindi lamang ang indibidwal na Kristo kundi ang sama-sama ring Kristo, ang ekklesia, na siyang Katawan ni Kristo at bagong tao upang pasukdulin sa Bagong Herusalem (Mat. 16:18; 1 Cor. 12:12; Efe. 2:15-16; Col. 3:10-11; Apoc. 21:2).

2. **Ang itayo ang arka ay ang itayo si Kristo bilang biyaya sa ating karanasan para sa pagtatayo ng sama-samang Kristo, ang ekklesia, bilang Katawan ni Kristo (1 Cor. 12:12; Efe. 4:11-16); ito ay ang isagawa ang ating sariling kaligtasan upang tayo ay maligtas mula sa paghahatol ng Diyos sa masama at baluktot na henerasyon at maihatid sa isang bagong kapanahunan, ang kapanahunan ng milenyo (Fil. 2:12-16; Heb. 11:7; Mat. 24:37-39; Luc. 17:26-27).**

III. **Ang ganap at sukdulang produkto ng biyaya ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang Katawan ni Kristo bilang ang tula ng Diyos na maging Bagong Herusalem bilang ang kasukdulan ng katuwiran ng Diyos sa bagong kalangitan at bagong lupa; ang mga kayamanan ng Diyos mismo para sa ating katamasahan ay humihigit sa bawat limitasyon at hayagang ipakikita sa kawalang hanggan—Efe. 2:7-10; 2 Ped. 3:13; Apoc. 22:21.**

*© 2022 Living Stream Ministry*